KAUTUSAN NG OPISYAL SA KALUSUGAN Blg. C19-07y

KAUTUSAN NG OPISYAL SA KALUSUGAN NG LUNGSOD AT COUNTY NG SAN FRANCISCO

PAGHIKAYAT SA SAKLAW SA BAKUNA LABAN SA COVID-19 AT PAGPAPABABA NG MGA PANGANIB SA KALUSUGAN (Mas Ligtas na Sama-samang Pagbalik)

PETSA NG KAUTUSAN: Hunyo 11, 2021

Pakibasa nang mabuti ang Kautusang ito. Ang paglabag sa o hindi pagsunod sa Kautusan na ito ay isang maliit na krimen na posibleng mapatawan ng multa, pagkakakulong, o ang pareho. (Code ng Kalusugan at Kaligtasan sa California § 120295, *et seq.;* Kodigo Penal ng California §§ 69, 148[a][1]; at San Francisco Administrative Code § 7.17[b].)

Buod: Simula sa Hunyo 15, 2021, at bilang koneksyon sa pagwawakas ng Estado sa Blueprint para sa Mas Ligtas na Ekonomiya at pagpapatupad ng bago at limitadong gabay sa COVID-19 nito, pinapalitan ng kautusan ang naunang kautusan sa kalusugan, ang Kautusan ng Opisyal sa Kalusugan Bldg. C19-07x (ang Kautusang Manaliting Mas Ligtas sa Bahay), sa kabuuan nito. Batay sa pagtaas ng pagpapabakuna at tagumpay ng Lungsod at County ng San Francisco, kabuuan ng Bay Area, at Estado sa pagpigil sa virus na nagdudulot ng COVID-19, winawakasan na ng Kautusan ang mga lokal na limitasyon sa kapasidad sa negosyo at iba pang sektor, local na ipinag-aatas sa physical distancing, at maraming iba pang dating paghihigpit sa kalusugan at kaligtasan. Hindi na inaatasan ang mga negosyo na maghanda at magpaskil ng mga protocol sa social distancing o sa karamihan ng mga sitwasyon, dapat silang magsumite ng mga plano sa kalusugan at kaligtasan sa Opisyal sa Kalusugan. Hindi na rin nito lubos na inirerekomenda na payagan ang mga empleyado sa opisina na ipagpatuloy ang trabaho nang malayuan sa opisina, hangga't maaari. Gayundin, maliban sa mga paaralan, childcare, at mga programang out-of-school time, hindi na nalalapat ang partikular sa sektor na gabay na napapailalim sa mga lokal na direktiba sa kalusugan.

Ang Kautusang ito ay patuloy na nagtatalaga ng mga partikular na ipinag-aatas sa kaligtasan sa mga indibidwal, kasama ang mga ipinag-aatas sa pagsusuot ng mask sa ilang setting, alinsunod sa mga panuntunan ng pederal at pang-estadong pamahalaan. Nagtatalaga rin ito ng ilang ipinag-aatas sa mga negosyo at entity ng pamahalaan, gaya ng pangkalahatang ipinag-aatas para mag-ulat ng mga positibong kaso sa lugar ng trabaho at mga paaralan, isang bago at mas limitadong ipinag-aatas para sa karatula, at ipinag-aatas sa pagpapabakuna at pagpapasuri para tanggapin ang mga tao na dumalo sa mga indoor na mega-event na sumusunod sa mga panuntunan ng estado. Inaatasan din nito ang mga personnel na nagtatrabaho sa ilang partikular na setting na nasa mataas na panganib, gaya ng mga acute care hospital, nursing home, at bilangguan na kumpletong magpabakuna, nang may mga limitadong pagbubukod at sa loob ng tinukoy na yugto ng panahon. Gayundin, kasama sa Kautusang ito ang mga rekomendasyon sa pagpapababa ng panganib sa COVID-19, pero hindi ang mga ipinag-aatas, para sa mga indibidwal, negosyo, at entity ng pamahalaan.

KAUTUSAN NG OPISYAL SA KALUSUGAN Blg. C19-07y

Bagama't napakababa na ng mga rate ng kaso ng COVID-19 at higit pang tao ang nababakunahan sa San Francisco at sa rehiyon, mayroon pa ring panganib na magkaroon ng contact ang mga tao sa iba na may COVID-19 kapag nasa labas sila ng kanilang Tirahan. Ang karamihan ng mga impeksyon ng COVID-19 ay dulot ng mga taong walang sintomas ng karamdaman. Mayroon ding mga tao sa San Francisco na wala pang kumpletong bakuna, kasama ang mga batang wala pang 12 taong gulang. Nakakita na rin tayo ng mga biglaang pagtaas sa ilang bahagi ng bansa at sa mundo, na mabilis na nakakaapekto sa mga batang nasa hustong taong gulang. Ang lahat ng kwalipikado, kasama ang mga taong nasa panganib para sa malubhang karamdaman ng COVID-19—gaya ng mga hindi pa nababakunahang nakakatanda at hindi pa nababakunahang indibidwal na may mga panganib sa kalusugan—at mga miyembro ng kanilang mga sambahayan, ay hinihikayat na magpabakuna sa lalong madaling panahon, kung hindi pa nila ito nagagawa.

ALINSUNOD SA AWTORIDAD NG MGA SEKSYON 101040, 101085, AT 120175 NG CODE NG KALUSUGAN AT KALIGTASAN NG CALIFORNIA, IPINAG-UUTOS NG OPISYAL SA KALUSUGAN NG LUNGSOD AT COUNTY NG SAN FRANCISCO ANG SUMUSUNOD:

1. Mga Kahulugan.

   Para sa mga layunin ng Kautusang ito, nasa ibaba ang mga kahulugan ng ang mga nabanggit na terminong nasa malaking titik.

   a. *Negosyo.* Tumutukoy ang isang "Negosyo" sa anumang for-profit, non-profit, o edukasyonal na entity, isa man itong corporate na entity, organisasyon, partnership, o sole proprietorship, at anuman ang uri ng serbisyo, tungkuling ginagampanan, o corporate o entity na istraktura nito.

   b. *Cal/OSHA.* Ang "Cal/OSHA" ay Departamento ng Mga Ugnayan sa Industriya ng California (California Department of Industrial Relations), Dibisyon ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho (Division of Occupational Safety and Health), na mas kilala bilang Cal/OSHA.

   c. *CDC.* Ang "CDC" ay ang Mga Sentro ng Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention) ng United States.

   d. *Close Contact.* Tumutukoy ang "Close Contact" sa pagkakaroon ng mga sumusunod na interaksyon sa isang taong may COVID-19 habang nakakahawa siya: (i) pagiging nasa loob ng anim na talampakan sa loob ng kabuuang 15 minuto o higit pa sa loob ng 24 na oras na panahon; (ii) pagtira o pagpapalipas ng gabi kasama siya; (iii) pagkakaroon ng pisikal o intimate na contact kasama ang paghalik at pagyakap; (iv) pag-aalaga sa kanya, o kung inalagaan ka niya; o (v) pagkakaroon ng direktang contact sa mga fluid sa kanyang katawan *(hal.*, naubo o nabahing siya sa iyo o naghiraman kayo ng kubyertos). Itinuturing na nakakahawa ang tao *kung* nagkaroon siya ng mga sintomas, mula 48 oras bago siya magkaroon ng mga sintomas hanggang sa hindi bababa sa 10 araw pagkatapos magsimula ang mga sintomas, *o* kung hindi siya nagkaroon ng mga

sintomas, mula 48 oras bago nakolekta ang kanyang pagsusuri sa COVID-19 hanggang sa 10 araw pagkatapos niyang masuri.

e. *County.* Tumutukoy ang "County" sa Lungsod at County ng San Francisco.

f. *COVID-19.* Tumutukoy ang "COVID-19" sa coronavirus disease 2019, ang sakit na dulot ng SARS-CoV-2 virus na nagresulta sa pandaigdigang pandemya.

g. *DPH.* Tumutukoy ang "DPH" sa Departamento ng Pampublikong Kalusugan (Department of Public Health) ng San Francisco.

h. *Pangunahing Gabay ng DPH.* Tumutukoy ang "Pangunahing Gabay ng DPH" sa webpage at mga nauugnay na materyal na may pamagat na *Pangunahing Gabay para sa COVID-19*, na regular na ina-update ng DPH at kung saan kasama ang mga pangkalusugan at pangkaligtasang rekomendasyon para sa mga indibidwal at negosyo pati na rin ang mga link sa web sa mga karagdagang resource, na available online sa www.sfdph.org/dph/covid-19/core-guidance.asp.

i. *Mga Ipinag-aatas sa Pagtatakip ng Mukha.* Tumutukoy ang "Mga Ipinag-aatas sa Pagtatakip ng Mukha" sa pag-aatas na magsuot ng Well-Fitted Mask (i) ayon sa ipinag-aatas ng pederal o pang-estadong batas, kasama ang, ngunit hindi limitado sa, mga panuntunan at regulasyon ng California Department of Public Health guidance at Cal/OSHA; (ii) sa mga indoor na common area ng mga shelter para sa walang tirahan, pang-emergency na shelter, at cooling center, maliban na lang kapag natutulog, naliligo, nagsasagawa ng personal na paglilinis ng katawan saan kailangan ang pag-aalis ng mga pantakip sa mukha, o kapag aktibong pagkain o pag-inom; at (iii) sa mga indoor na common area ng mga bilangguan maliban na lang kapag natutulog, naliligo, nagsasagawa ng personal na paglilinis ng katawan kung saan kailangan ang pag-aalis ng mga pantakip sa mukha, o kapag aktibong kumakain o umiinom.

j. *FDA.* Tumutukoy ang "FDA" sa Administrasyon sa Pagkain at Gamot (Food and Drug Administration) ng United States.

k. *Kumpletong Bakuna.* Tumutukoy ang "Kumpletong Bakuna" sa dalawang linggo kapag nakumpleto na ang buong inirerekomendang serye ng pagpapabakuna (karaniwang isa o dalawang dosis) ng bakuna na awtorisado ng FDA para maiwasan ang COVID-19, kasama ang sa pamamagitan ng pang-emergency na awtorisasyon sa paggamit, o sa pamamagitan ng World Health Organization. Halimbawa, ayon sa petsa ng pagbibigay ng Kautusan na ito, ang isang indibidwal ay kumpleto ang bakuna nang hindi bababa sa dalawang linggo pagkatapos matanggap ang pangalawang dosis ng bakuna laban sa COVID-19 ng Pfizer o Moderna o dalawang linggo pagkatapos matanggap ang isang dosis ng bakuna laban sa COVID-19 ng Jansen ng Johnson & Johnson. Ang mga sumusunod ay tinatanggap na katunayan ng kumpletong bakuna: (i) ang CDC vaccination card, kung saan kasama ang pangalan ng taong binakunahan, uri ng bakunang ibinigay, at petsa ng pagbibigay ng huling dosis, (ii) larawan ng vaccination card bilang hiwalay na dokumento, (iii) larawan ng vaccination card na naka-store sa telepono o electronic device, (iv) dokumentasyon ng bakuna mula sa isang provider sa pangangalagang

pangkalusugan, o (v) nilagdaang nakasulat na personal na pagpapatunay ng pagpapabakuna (may electronic na signature) alinsunod sa paglabag sa perjury at may pangalan ng taong binakunahan, uri ng tinanggap na bakuna, at petsa ng pagbibigay ng huling dosis. Kung ang anumang estado o pederal na ahensya ay gumagamit ng mas mahigpit na kahulugan ng kung ano ang ibig sabihin ng Kumpleto ang Bakuna o para mapatunayan ang status na iyon para sa mga partikular na layunin (gaya ng mga panuntunan ng Cal/OSHA para sa mga employer sa mga lugar ng trabaho), ang mas mahigpit na kahulugan ang mangingibabaw sa mga layuning iyon. Gayundin, hangga't inaaprubahan ng Cal/OSHA ang mga alternatibong paraan ng pagsasadokumento ng kung ang isang empleyado ba ay may "kumpletong bakuna," kahit mas hindi ito mahigpit sa kahulugan nakasaad dito, puwedeng gamitin ng mga employer ang pamantayan ng Cal/OSHA para isadokumento ang status ng kanilang mga empleyado.

l. *Opisyal sa Kalusugan.* Tumutukoy ang "Opisyal sa Kalusugan" sa Opisyal sa Kalusugan ng Lungsod at County ng San Francisco.

m. *Mga Setting na Nasa Mataas na Panganib.* Tumutukoy ang "Mga Setting na Nasa Mataas na Panganib" sa partikular na pangangalaga o setting ng paninirahan na may maraming tao, kasama ang mga congregate na setting, kung saan may mga nakatirang bulnerableng populasyon dahil sa pangangailangan at kung saan mataas ang panganib ng transmisyon ng COVID-19, at binubuo ito ng mga general acute care hospital, pasilidad sa sanay na pangangalaga, pasilidad sa residensyal na pangangalaga para sa mga nakakatanda, shelter para sa walang tirahan, at bilangguan.

n. *Sambahayan*. Tumutukoy ang "sambahayan" sa mga taong nakatira sa iisang Bahay o shared living unit. Hindi tumutukoy ang mga sambahayan sa mga indibidwal na magkakasamang nakatira sa isang institusyonal na sitwasyon sa group living gaya ng dormitoryo, fraternity, sorority, monastetyo, kumbento, o pasilidad sa residensyal na pangangalaga.

o. *Kwalipikadong Medikal na Dahilan.* Tumutukoy ang "Kwalipikadong Medikal na Dahilan" sa isang medikal na kundisyon o kapansanan na kinikilala ng FDA o CDC bilang kontra-indikasyon sa bakuna laban sa COVID-19.

p. *Mega-Event.* Tumutukoy ang "Mega-Event" sa isang event na may mahigit sa 5,000 tao na dumadalo indoors o mahigit sa 10,000 tao na dumadalo outdoors, alinsunod sa kahulungan ng mga event na iyon sa Post-Blueprint na Gabay ng Estado. Ayon sa nakasaad sa Post-Blueprint na Gabay ng Estado, ang isang Mega-Event ay puwedeng mayroon nakatalaga o hindi nakatalagang pagpapaupo, at puwedeng general admission o gated, ticketed, at mga pinapahintulutang event.

q. *Personnel.* Tumutukoy ang "Personnel" sa mga sumusunod na taong nagbibigay ng mga produkto at serbisyong nauugnay sa Negosyo sa County: mga empleyado; contractor at sub-contractor (gaya ng mga nagtitinda ng produkto o nagsasagawa ng mga serbisyo onsite o nagde-deliver ng mga produkto para sa Negosyo); mga independent contractor; mga vendor na pinapayagang magtinda ng mga produkto onsite; mga boluntaryo; at iba pang indibidwal na regular na nagbibigay ng mga

serbisyo onsite sa kahilingan ng Negosyo. Kasama sa "personnel" ang mga "gig worker" na gumagawa ng trabaho sa pamamagitan ng app ng Negosyo o iba pang online na interface, kung mayroon.

r. *Mga Panrelihiyong Paniniwala.* Tumutukoy ang "Mga Panrelihiyong Paniniwala" sa isang taos-pusong pinaninindigang panrelihiyong paniniwala, kagawian, o pagdiriwang, kasama ang anumang tradisyonal na kinikilalang relihiyon pati na rin ang mga paniniwala, pagdiriwang, o kagawian, na taos-pusong pinaninindigan ng isang indibidwal at malaki ang kahalagahan na katumbas ng isang tradisyonal na kinikilalang relihiyon.

s. *Tirahan.* Tumutukoy ang "Tirahan" sa lokasyon kung saan nakatira ang isang tao, kahit pansamantala, at kasama rito ang mga bahay para sa isang pamilya, apartment unit, condominium unit, hotel, motel, shared rental unit, at katulad na pasilidad. Kasama rin sa mga tirahan ang mga tirahang istraktura at outdoor na espasyong nauugnay sa mga tirahang istraktura na iyon, gaya ng mga patio, balkon, likod-bahay, at harap-bahay na naa-access lang ng isang pamilya o Sambahayan.

t. *Mga Paaralan.* Tumutukoy ang "Mga Paaralan" sa mga pampubliko at pribadong paaralan na nag-o-operate sa County, kasama ang mga independent, parochial, at charter na paaralan.

u. *Post-Blueprint na Gabay ng Estado.* Tumutukoy ang "Post-Blueprint na Gabay ng Estado" sa gabay na pinamagatang "Higit sa Blueprint para sa Mga Sektor ng Industriya at Negosyo" na inilabas ng California Department of Public Health noong Mayo 21, 2021 at may bisa simula Hunyo 15, 2021 hanggang Oktubre 1, 2021, kasama ang gabay na maaaring palawigin, i-update, o dagdagan ng Estado. (Tingnan ang www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/Beyond-Blueprint-Framework.aspx.)

v. *Nasuri.* Tumutukoy ang "nagpasuri" sa pagkakaroon ng negatibong test para sa virus na nagdudulot ng COVID-19 bago ang 72 oras. Tinatanggap ang nucleic acid (kasama ang polymerase chain reaction [polymerase chain reaction, PCR]) at antigen test. Ang mga sumusunod ay mga tinatanggap na katunayan ng negatibong resulta sa pagsusuri sa COVID-19: isang naka-print na dokumento (mula sa test provider o laboratoryo) o email, text message, webpage, o application (app) screen na nasa telepono o mobile device mula sa test provider o laboratoryo. Kasama dapat sa impormasyon ang pangalan ng tao, uri ng isinagawang pagsusuri, negatibong resulta ng pagsusuri, at petsa kung kailan isinagawa ang pagsusuri. Kung ang anumang estado o pederal na ahensya ay gumagamit ng mas mahigpit na kahulugan ng kung ano ang ibig sabihin ng Nasuri para sa mga partikular na layunin (gaya ng mga panuntunan ng Cal/OSHA para sa mga employer sa mga lugar ng trabaho), ang mas mahigpit na kahulugan ang mangingibabaw sa mga layuning iyon.

w. *Mga Alituntunin sa Bentilasyon.* Tumutukoy ang "Mga Alituntunin sa Bentilasyon" sa gabay sa bentilasyon mula sa mga kilalang awtoridad gaya ng CDC, Samahan ng Mga American Engineer sa Pagpapainit, Pag-refrigerate, at Air Conditioning (American

KAUTUSAN NG OPISYAL SA KALUSUGAN Blg. C19-07y

Society of Heating, Refrigerating and Air-Conditioning Engineers), o sa Estado ng California, kasama ang Cal/OSHA. Kasama rin sa Pangunahing Gabay ng DPH ang mga alituntunin sa bentilasyon.

x. *Well-Fitted Mask.* Ang isang "Mask na Maayos ang Fit" o "Well-Fitted Mask" ay tumutukoy sa pantakip sa mukha na maayos ang fit sa isang indibidwal at nagtatakip sa ilong at bibig lalo na kapag nagsasalita, at nakakatugon sa Mga Ipinag-aatas sa Pagtatakip ng Mukha. Makikita ang gabay ng DPH hinggil sa Mga Well-Fitted Mask sa www.sfcdcp.org/maskingupdate. Lubos na inirerekomenda ang non-vented N95 mask pati na rin ang Well-Fitted Mask, kahit hindi nasuri, para magbigay ng pinakamahusay na proteksyon. Hindi kasama sa Well-Fitted Mask ang scarf, ski mask, balaclava, bandana, turtleneck, collar, o single layer na fabric o anumang mask na may unfiltered na one-way exhaust valve.

2. Layunin at Mithiin.

a. Layunin. Ang banta sa pampublikong kalusugan na dulot ng COVID-19 ay bumababa na sa County, sa Bay Area, at sa Estado. Pero ang COVID-19 ay patuloy na nagiging dahilan ng panganib lalo na sa mga indibidwal na hindi pa kumpleto ang bakuna, at patuloy na kinakailangan ang ilang partikular na pangkaligtasang hakbang para maprotektahan tayo laban sa mga kaso at pagkamatay na dulot ng COVID-19. Ang pagpapabakuna ang pinakaepektibong paraan para maiwasan ang transmisyon at lalong higit ang mga pagpapaopital at pagkamatay dahil sa COVID-19. Mahalagang matiyak na mabakunahan ang pinakamaraming tao laban sa COVID-19. Bilang karagdagan, mahalagang tiyakin na may patuloy na pag-uulat ng mga kaso para maprotektahan ang mga indibidwal at ang kalakhang komunidad. Gayundin, pinapahintulutan ng Kautusan ang Mga Negosyo, paaralan, at iba pang aktibidad na ganap na magpatuloy habang nagpapatupad din ng ilang partikular na ipinag-aatas na idinisenyo para (1) mapalawig ang saklaw sa bakuna sa hangga't maaari; (2) limitahan ang panganib sa transmisyon ng COVID-19; (3) mapigilan ang anumang COVID-19 outbreak; at (4) pangkalahatan na makaayon sa gabay na ibinigay ng CDC at Estado hinggil sa COVID-19, maliban na lang sa mga limitadong sitwasyon kung saan nangangailangan ang mga lokal na kundisyon ng mas mahihigpit na hakbang. Nakabatay ang Kautusang ito sa patunay na patuloy na transmisyon sa komunidad ng SARS-CoV-2 sa loob ng County, pati na rin ang siyentipikong patunay at pinakamahusay na kasanayan para maiwasan ang transmisyon ng COVID-19. Patuloy na susubaybayan ng Opisyal sa Kalusugan ang datos hinggil sa lumalawak na siyentipikong pag-unawa tungkol sa mga panganib na dulot ng COVID-19, kasama ang epekto ng pagbabakuna, at posible nitong baguhin o bawiin ang Kautusang ito batay sa pagsusuri ng datos at kaalamang iyon.

b. Layunin. Pangunahing layunin ng Kautusang ito na ipagpatuloy na protektahan ang komunidad mula sa COVID-19 at pataasin din ang mga rate ng pagbabakuna para maiwasan ang transmisyon ng COVID- 19 nang pangmatagalan, para maging mas ligtas ang komunidad at matapos na ang emergency sa kalusugan na dulot ng COVID-19.

c. Interpretasyon. Ang lahat ng probisyon ng Kautusang ito ay dapat unawain na makakaapekto sa mga layunin at mithiin ng Kautusang ito, ayon sa inilalarawan sa itaas.

KAUTUSAN NG OPISYAL SA KALUSUGAN Blg. C19-07y

Ang buod sa simula ng Kautusang ito, pati na rin ang mga heading at subheading ng mga seksyong nilalaman sa Kautusang ito, ay para sa mabilis na sanggunian lang at hindi dapat gamitin sa interpretasyon ng Kautusang ito. Kung sakaling magkakaroon ng anumang hindi pagkakatugma sa pagitan ng buod, mga heading o subheading, at sa teksto ng Kautusang ito, mangingibabaw ang teksto. Ang ilang partikular na terminong nagsisimula sa malaking titik sa Kautusang ito ay may mga kahulungan sa Seksyon 1 sa itaas. Inilalarawan sa Seksyon 10 sa ibaba ang interpretasyon ng Kautusang ito kaugnay ng mga kautusang pangkalusugan o gabay ng Estado.

d. Paglalapat. Nalalapat ang Kautusang ito sa lahat ng indibidwal, Negosyo, at iba pang entity sa County na ito. Bilang paglilinaw, nalalapat ang mga ipinag-aatas ng Kautusang ito sa lahat ng indibidwal na kasalukuyang hindi nakatira sa County kapag sila ay nasa County. Dapat sumunod ang mga entity ng pamahalaan sa mga ipinag-aatas ng Kautusang ito na nalalapat sa mga Negosyo, maliban na lang kung hindi ganito ang binabanggit sa Kautusang ito o hindi ganito ang idinedirekta ng Opisyal sa Kalusugan.

e. Pangunahing Gabay ng DPH. Lubos na hinihikayat ang mga indibdiwal at Negosyo na sumunod sa Pangunahing Gabay ng DPH, na may mga pangkalusugan at pangkaligtasang rekomendasyon para sa COVID-19.

f. Epekto ng Hindi Pagsunod. Ang hindi pagsunod sa alinman sa mga probisyon ng Kautusang ito ay magdudulot ng agarang banta at peligro sa pampublikong kalusugan, magdudulot ng perwisyo sa publiko, at napaparusahan ng pagmumulta, pagkakaklong, o pareho.

3. Mga Pangkalahatang Ipinag-aatas para sa Mga Indibidwal.

a. Pagpapabakuna. Lubos na hinihikayat ang mga indibdwal na Kumpletong Makapagpabakuna, sa lalong madaling panahon kapag magagawa na nila. Partikular dito, ang mga taong nasa panganib para sa malubhang karamdaman ng COVID-19 —gaya ng mga hindi pa nababakunahang nakakatanda at hindi pa nababakunahang indibidwal na may mga panganib sa kalusugan—at mga miyembro ng kanilang mga Sambahayan, ay hinihikayat na Kumpletong Magpabakuna sa lalong madaling panahon kapag magagawa na nila. Makikita ang impormasyon tungkol sa sino ang nasa mas mataas na panganib ng pagkakaroon ng malubhang karamdaman at mga taong nangangailangan ng karagdagang pag-iingat sa www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/need-extra-precautions/people-at-increased-risk.html. Para sa mga hindi pa Kumpleto ang Bakuna, pinakamainam na paraan ang pananatili sa bahay at pagpili ng mga outdoor na aktibidad, hangga't maaari, na may physical distancing mula sa ibang Sambahayan na hindi alam ang status sa pagpapabakuna para maiwasan ang panganib ng transmisyon ng COVID-19. Ang mga indibidwal na kumpleto ang bakuna ay mas kaunti ang paghihigpit, ayon sa nakasaad sa Kautusang ito, at may mga pagluluwag para sa mga partikular na malaking pagtitipon kung saan Kumpleto ang Bakuna o Nasuri ang mga kalahok.

b. Mga Pantakip sa Mukha. Dapat sumunod ang lahat sa Mga Ipinag-aatas sa Pagtatakip ng Mukha. Dapat igalang ng mga tao ang pasya ng isang indibidwal na magsuot ng

pantakip sa mukha kahit sa mga setting kung saan hindi ito ipinag-aatas, at walang Negosyo o ibang tao ang dapat magsagawa ng hindi naaayong pagkilos laban sa mga indibidwal na nagsusuot ng pantakip sa mukha para protektahan ang kanilang kalusugan. Alinsunod sa kasalukuyang pederal na batas, ang mga taong nakasakay o naghihintay ng pampublikong transportasyon at ang mga tao na nasa o malapit sa stop o istasyon ng pampublikong transportasyon, ay dapat magsuot ng Well-Fitted Mask. Hinihikayat ang mga personnel at pasahero ng pampublikong transportasyon na magkaroon ng Kumpletong Bakuna, at ang mga hindi Kumpleto ang Bakuna ay lubos na hinihikayat na mag-double mask. Alinsunod sa mga panuntunan at regulasyon ng Cal/OSHA, posibleng atasan din ang mga employer na tiyaking patuloy na magsuot ang mga empleyado ng Well-Fitted Mask o respirator, partiklar sa mga indoor na setting.

c. Magsubaybay para sa Mga Sintomas. Dapat subaybayan ng mga indibidwal ang kanilang mga sarili para sa mga sintomas ng COVID-19. Available online ang isang listahan ng mga sintomas ng COVID-19 sa www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/symptoms-testing/symptoms.html. Ang sinumang may sintomas na bago o hindi maipaliwanag ng ibang kundisyon ay dapat sumunod sa mga subsection 3.d at 3.e sa ibaba hinggil sa pag-isolate at pag-quarantine.

d. Pag-isolate. Ang sinumang may (i) positibong resulta ng pagsusuri sa COVID-19, (ii) na-diagnose na may COVID-19, o (iii) hindi Kumpleto ang Bakuna (o hindi nagkaroon ng COVID-19 sa nakalipas na 90 araw), at may sintomas ng COVID-19 na bago o hindi maipaliwanag ng ibang kundisyon, ay dapat sumunod sa direktibang pangkalusugan sa pag-isolate sa COVID-19 (available online sa www.sfcdcp.org/i&q).

   Ang sinumang may Kumpletong Bakuna (o nagkaroon ng COVID-19 sa nakalipas na 90 araw) at may sintomas ng COVID-19 na bago o hindi maipaliwanag ng ibang kundisyon, ay dapat kumonsulta sa kanyang provider sa pangangalagang pangkalusugan. Dapat niyang iwasan ang mga pampublikong setting hangga't posible, at dapat niyang isaalang-alang ang pagsusuot ng pantakip sa mukha hanggang sa mabigyan ng karagdagang direksyon ng provider sa pangangalagang pangkalusugan. Habang nakakaranas ng mga sintomas na bago o hindi maipaliwanag ng ibang kundisyon, hindi siya dapat pumunta sa Mga Setting na Nasa Mataas na Panganib (maliban na lang para sa mga nakatira na sa Mga Setting na Nasa Mataas na Panganib, kung saan kailangan siyang i-isolate mula sa iba hangga't maaari hanggang sa ma-clear ng isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan). Kung na-diagnose na may COVID-19, dapat siyang sumunod sa direktang pangkalusugan sa pag-isolate sa COVID-19 (available online sa www.sfcdcp.org/i&q).

e. Quarantine. Dapat sundin ng sinumang nagkaroon ng Close Contact sa isang taong may COVID-19 ang mga sumusunod na panuntunan:

   i. Kung hindi Kumpleto ang Bakuna ng isang tao, dapat siyang mag-quarantine para maprotektahan ang iba at dapat niyang sundin ang pangkalusugang direktiba sa pag-quarantine sa COVID-19 (available online sa www.sfcdcp.org/i&q).

KAUTUSAN NG OPISYAL SA KALUSUGAN Blg. C19-07y

ii. Kung Kumpleto ang Bakuna ng tao (o nagkaroon ng COVID-19 sa nakalipas na 90 araw) at *may mga sintomas* ng COVID-19 na bago o hindi maipaliwanag na dahil sa ibang kundisyon, dapat siyang nagpakonsulta sa kanyang provider sa pangangalagang pangkalusugan at i-isolate ang kanyang sarili mula sa iba hanggang sa ma-clear ng isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan.

iii. Kung Kumpleto ang Bakuna ng isang tao (o nagkaroon ng COVID-19 sa nakalipas na 90 araw) pero walang bago o hindi maipaliwanag na sintomas ng COVID-19, puwede niyang ipagpatuloy ang kanyang mga normal na aktibidad at dapat niyang masusing subaybayan ang kanyang sarili para sa mga sintomas sa susunod na 14 na araw. Kung ang tao ay nakatira o nagtatrabaho sa isang Nasa Mataas na Panganib na Setting, isang residente o nagtatrabaho sa anumang hindi pangangalagang pangkalusugan na congregate setting, nagtatrabaho sa anumang mataong lugar ng trabaho (*hal*., isang planta ng pagproseso ng pagkain), o nakatira sa isang dormitoryo o iba pang mataong setting ng pabahay, dapat din siyang sumailalim sa pagsusuri, ayon sa inilalarawan ng Estado ng California (tingnan ang www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID- 19/Updated-COVID-19-Testing-Guidance.aspx) at ayon sa nakabalangkas sa pangkalusugang direkta sa pag-quarantine sa COVID-19 (available online sa www.sfcdcp.org/i&q).

f. Paglipat, Pagbiyahe, o Pagbalik sa County. Ang lahat ay lubos na hinihikayat na sumunod sa mga payo sa pagbiyahe ng Estado at mga alituntunin sa pagbiyahe ng CDC (available online sa www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/travelers/travel-during-covid19.html).

g. Malalaking indoor na pagtitipon. Hinihikayat ang mga indibidwal na hindi pa Kumpleto ang Bakuna o Hindi Nagpasuri na magsuot ng Mga Well-Fitted Mask at magpanatili ng pisikal na distansya kapag sila ay nasa malalaking indoor na pagtitipon kasama ang mga miyembro ng iba pang Sambahayan na hindi alam ang status sa pagpapabakuna, gaya ng mga pampublikong pulong. Wala sa seksyong ito ang naglilimita sa anumang ipinag-aatas na nalalapat sa Kautusan sa mga indoor na Mega-Event na ito o kung puwedeng magpatupad ang Cal/OSHA o ang iba pang awtoridad ng Estado sa anumang indoor na setting na may kaugnayan sa mga indoor na pagtitipon.

4. Mga Pangkalahatang Ipinag-aatas para sa Mga Negosyo at Entity ng Paaralan.

a. Isulong ang Mga Aktibidad na Puwedeng Gawin Outdoors. Hinihikayat ang lahat ng Negosyo at entity ng pamahalaan na pag-isipang ilipat ang mga operasyon o aktibidad outdoors, kung posible at hanggang sa sukdulang pinapayagan ng lokal na batas at mga kinakailangan sa pagpapahintulot, dahil mas maliit ang panganib, sa pangkalahatan, na magkahawahan ng COVID-19 outdoors kaysa indoors.

b. Pag-screen sa Kalusugan ng Mga Tauhan. Dapat gumawa at magpatupad ang mga Negosyo at entity ng pamahalaan ng proseso sa pag-screen ng Mga Tauhan para sa mga sintomas ng COVID-19, pero hindi nangangahulugan ang kinakailangang ito na dapat nilang i-screen ang Mga Tauhan sa lugar. Dapat hilingin ng mga Negosyo at entity ng pamahalaan sa Mga Tauhan na suriin ang kanilang mga sariling sintomas bago sila

KAUTUSAN NG OPISYAL SA KALUSUGAN Blg. C19-07y

pumasok sa trabaho. Kung may mga sintomas ang Mga Tauhan na tulad sa COVID-19, dapat nilang sundin ang subsection 3.d at 3.e sa itaas.

c. Dapat Payagan ng Mga Negosyo ang Mga Tauhan na Manatili sa Bahay Kapag Mayroon Silang Sakit. Inaatasan ang mga Negosyong sumunod sa mga panuntunan at regulasyon ng Cal/OSHA na nagpapahintulot sa Mga Tauhan na manatili sa bahay kapag mayroon silang mga sintomas na nauugnay sa COVID-19 na bago o hindi maipaliwanag ng ibang kundisyon, o kung na-diagnose na mayroon silang COVID-19 (sa pamamagitan ng pagsusuri o isang clinician) kahit wala silang sintomas, at hindi papasukin ang Mga Tauhang iyon hangga't hindi sila nakakatugon sa ilang partikular na kundisyong nakatakda sa mga panuntunan ng Cal/OSHA. Bukod pa rito, dapat sumunod ang Mga Negosyo sa California Senate Bill 95 (Labor Code, seksyon 248.2 at 248.3), na nagsasaad na dapat magbigay ang mga employer, na may mahigit sa 25 empleyado, sa bawat empleyado ng 80 oras na sick leave na nauugnay sa COVID-19 na retroactive sa Enero 1, 2021 hanggang Setyembre 30, 2021 (pro-rated para sa mga hindi full time na empleyado), at na puwedeng gamitin ng mga empleyado ang bayad na sick leave na ito para magpabakuna o para sa pagkakasakit pagkatapos magpabakuna. Pinagbabawalan ang bawat Negosyo na magsagawa ng anumang hindi kanais-nais na pagkilos laban sa sinumang Tauhan para sa pananatili sa bahay sa alinman sa mga sitwasyong inilarawan sa subsection na ito.

d. Karatula.

   i. Karatula para sa Mga Patron. Inaatasan ang lahat ng Negosyo at entity ng pamahalaan na magpaskil ng mga karatulang madaling makita na nagpapaalala sa mga indibidwal ng pinakamahuhusay na kagawian sa pag-iwas sa COVID-19 para mabawasan ang hawahan: Magpabakuna; Manatili sa bahay kung may sakit, at makipag-usap sa iyong doktor; Magsuot ng mask para sa dagdag na proteksyon; I-maximize ang sariwang hangin; at Linisin ang iyong mga kamay. Makakakita ng halimbawang karatula online sa http://sf.gov/outreach-toolkit-coronavirus-covid-19.

   ii. Mga Karatula para sa Mga Empleyado. Inaatasan ang mga Negosyo at entity ng pamahalaan na magpaskil ng mga karatula sa mga break room o lugar para sa mga empleyado na nanghihikayat sa mga empleyado na magpabakuna, at nagbibigay ng impormasyon tungkol sa pagkuha ng karagdagang impormasyon. Makakakita ng halimbawang karatula online sa sf.gov/outreach-toolkit-coronavirus-covid-19.

e. Mga Alituntunin sa Bentilasyon. Hinihimok ang lahat ng Negosyo at entity ng pamahalaan na may mga indoor na operasyon na basahin ang Mga Alituntunin sa Bentilasyon at magpatupad ng mga estratehiya sa bentilasyon para sa mga indoor na operasyon kung posible. Walang anumang nakapaloob sa subsection na ito na naglilimita sa anumang kinakailangan sa bentilasyon na nalalapat sa mga partikular na lugar sa ilalim ng batas ng pederal, estado, o lokal.

f. Mandatoryong Pag-uulat ng Mga Negosyo at Entity ng Pamahalaan. Alinsunod sa mga panuntunan at regulasyon ng Cal/OSHA, dapat atasan ng mga Negosyo at entity ng pamahalaan ang lahat ng Tauhan na abisuhan kaagad ang Negosyo o entity ng

KAUTUSAN NG OPISYAL SA KALUSUGAN Blg. C19-07y

pamahalaan kung magpopositibo sila sa pagsusuri para sa COVID-19, at kung sila ay nasa lugar ng trabaho (1) sa loob ng 48 oras bago magsimula ang mga sintomas o sa loob ng 10 araw pagkatapos magsimula ang mga sintomas kung mayroon silang mga sintomas; o (2) sa loob ng 48 oras bago ang petsa kung kailan sila nasuri o sa loob ng 10 araw pagkalipas ng petsa kung kailan sila nasuri kung wala silang sintomas. Kung mapag-aalaman ng Negosyo o entity ng pamahalaan na tatlo o higit pa sa Mga Tauhan nito ang kumpirmadong positibong kaso ng COVID-19, at pumunta sila sa lugar ng trabaho sa panahon kung kailan malaki ang posibilidad na nalantad sila anumang oras sa loob ng 14 araw *(ibig sabihin,* tatlong kaso sa lugar sa loob ng 14 araw), dapat tumawag kaagad ang entity sa DPH sa 628-217-6100 para iulat ang mga kaso at nang hindi lalampas sa susunod na araw ng negosyo matapos nilang malaman ang tungkol sa mga nasabing positibong kaso. Dapat ding sumunod ang mga Negosyo at entity ng pamahalaan sa lahat ng pag-iingat kaugnay ng pagsisiyasat ng kaso at contact tracing na iniaatas ng DPH, pati sa pagbibigay sa anumang hinihiling na impormasyon sa timeframe na ibinigay ng DPH, pag-aatas sa Mga Tauhan na sundin ang mga protocol sa pag-isolate at pag-quarantine na isinaad ng DPH, at pagbubukod sa mga positibong kaso at hindi pa nababakunahang close contact sa lugar ng trabaho sa mga panahong ito ng pag-isolate at pag-quarantine.

Napapailalim ang Mga Paaralan at Programa para sa Mga Bata at Teenager sa mga hiwalay na kinakailangan sa pag-uulat na nakasaad sa Direktiba Blg. 2020-33 at 2020-14 ng Opisyal sa Kalusugan, pati sa mga magiging update sa mga direktibang iyon sa hinaharap.

5. <u>Mga Paaralan at Programa para sa Mga Bata at Teenager</u>

   a. <u>Mga Paaralan</u>. Batay sa napakababang rate ng kaso ng COVID-19 sa buong rehiyon, at nakitang mababang posibilidad ng hawahan sa mga paaralan, lubos na naniniwala ang Opisyal sa Kalusugan na puwede at dapat nang ganap na magbukas ang mga paaralan para sa mga harapang klase sa lahat ng baitang sa simula ng taong pampaaralan 2021/2022. Dahil hindi pa kwalipikado ang lahat ng bata na magpabakuna laban sa COVID-19 sa panahong ito, dapat sumunod ang mga paaralan sa mga kinakailangan sa kalusugan at kaligtasan na nakasaad sa Direktiba Blg. 2020-33 ng Opisyal sa Kalusugan, pati sa mga magiging susog dito sa hinaharap, para matiyak ang kaligtasan ng lahat ng mag-aaral at Tauhan sa lugar ng paaralan.

   b. <u>Mga Programa para sa Mga Bata at Teenager</u>. Dahil hindi pa kwalipikado ang lahat ng bata na magpabakuna laban sa COVID-19 sa panahong ito, dapat gawin ng mga sumusunod na Programa para sa Mga Bata at Teenager ang operasyon ng mga ito nang naaayon sa mga kinakailangan sa kaligtasan at kalusugan na nakatakda sa Direktiba Blg. 2020-14 ng Opisyal sa Kalusugan, pati sa mga magiging susog dito sa hinaharap: (1) mga pasilidad ng panggrupong pangangalaga para sa mga batang wala pa sa elementarya—kasama ang mga lisensyadong childcare center, daycare, family daycare, at preschool (kasama ang mga cooperative preschool); at (2) maliban sa mga paaralan, na natalakay na sa subsection sa itaas, mga pang-edukasyon o panlibangang institusyon o programang nagbibigay ng pangangalaga o pagsubaybay para sa mga batang may

KAUTUSAN NG OPISYAL SA KALUSUGAN Blg. C19-07y

edad na puwede nang pumasok sa paaralan, at mga teenager—kasama ang, halimbawa, mga hub para sa pagkatuto, iba pang programa na sumusuporta at nakakatulong sa distance learning sa mga paaralan, programa ng childcare para sa mga batang may edad na puwede nang pumasok sa paaralan, programa ng sports para sa kabataan, summer camp, at programa pagkatapos ng klase.

6. Mga Kinakailangan sa Pagbabakuna para sa Mga Tauhan sa Mga Lugar na May Malaking Panganib.

   a. Kapag ganap nang naaaprubahan ng FDA ang anumang bakuna laban sa COVID-19, dapat gawin ng mga Negosyo at entity ng pamahalaan na may Mga Tauhang nasa Mga Lugar na May Malaking Panganib, sa loob ng sampung linggo matapos maaprubahan ang nasabing bakuna, ang mga sumusunod:

      i. alamin ang status sa pagbabakuna ng lahat ng Tauhang nasa Mga Lugar na May Malaking Panganib na regular na nagtatrabaho sa lugar, at tiyaking bago pumasok o magtrabaho sa anumang Lugar na May Malaking Panganib, Kumpleto Na sa Bakuna ang lahat ng Tauhang regular na nagtatrabaho sa lugar gamit ang anumang bakunang awtorisado ng FDA para sa pag-iwas sa COVID-19, kasama ang sa pamamagitan ng pahintulot para sa emergency na paggamit, o ng World Health Organization, maliban na lang kung exempted ang sinumang Tauhan sa ilalim ng subsection b sa ibaba;

      ii. atasan ang sinumang hindi pa nababakunahang exempted na Tauhan na (1) palaging magsuot ng hindi vented na N95 mask sa lugar ng trabaho na nasa Lugar na May Malaking Panganib, maliban kung siya ay aktibong kumakain o umiinom, at (2) magpasuri para sa COVID-19 nang hindi bababa sa isang beses sa isang linggo sa pamamagitan ng nucleic acid (kasama ang polymerase chain reaction [PCR]) o antigen test;

      iii. alinsunod sa mga naaangkop na batas at regulasyon sa privacy, magpanatili ng mga talaan ng status sa pagbabakuna o exemption ng mga empleyado; at

      iv. ibigay kaagad ang mga talaang ito sa Opisyal sa Kalusugan o iba pang awtoridad sa pampublikong kalusugan kapag hiniling, at nang hindi lalampas sa susunod na araw na negosyo pagkatapos matanggap ang kahilingan.

   Bilang paglilinaw, nalalapat ang kinakailangang ito sa Mga Tauhan sa iba pang gusali na nasa isang campus ng ospital kung saan ang Mga Tauhan sa mga gusaling iyon ay may access sa mga pasilidad para sa pangangalaga ng malubhang sakit o sa mga karaniwang pasilidad sa campus na may Mga Tauhang nagtatrabaho sa mga pasilidad para sa pangangalaga ng malubhang sakit o may mga pasyenteng pumupunta sa mga pasilidad na iyon.

   b. Mga Limitadong Exemption. Ang Mga Tauhang nasa Mga Lugar na May Malaking Panganib ay exempted sa mga kinakailangan sa pagbabakuna sa ilalim ng seksyong ito kapag nagbigay sila sa humihiling na Negosyo o entity ng pamahalaan ng form ng pagtanggi, na nilagdaan ng indibidwal sa ilalim ng parusang perjury na nagsasaad sa

KAUTUSAN NG OPISYAL SA KALUSUGAN Blg. C19-07y

alinman sa mga sumusunod: (1) tumatangging magpabakuna ang indibidwal dahil sa kanyang Mga Paniniwala sa Pananampalataya o (2) exempted ang indibidwal mula sa pagtanggap ng anumang bakuna laban sa COVID-19 dahil sa Mga Kwalipikadong Medikal na Dahilan. Para naman sa mga pagtanggi dahil sa Mga Kwalipikadong Medikal na Dahilan, para maging kwalipikado sa exemption na ito, dapat ding magbigay ang Mga Tauhan sa kanilang employer o Negosyo ng nakasulat na pahayag na nilagdaan ng isang doktor, nurse practitioner, o iba pang lisensyadong medikal na propesyonal na nagpa-practice sa ilalim ng lisensya ng isang doktor na nagsasaad na kwalipikado ang indibidwal sa exemption (pero hindi dapat ilarawan ng pahayag ang medikal na kundisyon o kapansanan) at naghahayag sa tinatayang tagal kung kailan hindi puwedeng magpabakuna ang indibidwal (o kung hindi alam o permanente ang tagal, isaad ito). Makakakita ng halimbawang form ng paghahayag at pagtanggi online sa www.sfdph.org/dph/covid-19/files/declination.pdf. Dapat pa ring sumunod sa mga kinakailangan sa subpart 6.a.ii, sa itaas ang Mga Tauhang kwalipikado sa exemption dahil sa Mga Paniniwala sa Pananampalataya o Kwalipikadong Medikal na Dahilan na nakasaad sa itaas.

c. Mga Kinakailangan sa Pagpapanatili ng Talaan. Ang mga Negosyo o entity ng pamahalaan na nagpapatakbo sa Mga Lugar na May Malaking Panganib na napapailalim sa seksyong ito ay dapat magpanatili ng mga talaang may mga sumusunod na impormasyon:

   i. Para sa mga nabakunahan nang Tauhan: (1) buong pangalan at petsa ng kapanganakan; (2) manufacturer ng bakuna; at (3) petsa ng pagbabakuna (para sa unang dosis at, kung naaangkop, pangalawang dosis). Walang anumang nakapaloob sa subsection na ito ang naglalayong pigilan ang isang employer na humiling ng karagdagang impormasyon o dokumentasyon para makumpirma ang status sa pagbabakuna, hanggang sa sukdulang pinapahintulutan sa ilalim ng batas.

   ii. Para sa mga hindi pa nababakunahang Tauhan: mga nilagdaang form ng pagtanggi na may nakasulat na pahayag ng provider ng pangangalagang pangkalusugan kung naaangkop, gaya ng inilarawan sa subsection b sa itaas.

7. Mga Mega-Event. Ang lahat ng Negosyo, entity ng pamahalaan, at iba pang organisasyon ay dapat sumunod sa mga kinakailangan sa Gabay Pagkatapos ng Blueprint ng Estado para sa mga indoor na Mega-Event, at hinihikayat na sumunod sa mga rekomendasyon sa Gabay Pagkatapos ng Blueprint ng Estado para sa mga outdoor na Mega-Event.

   Para sa mga indoor na Mega-Event, kinakailangan ng Mga Tauhan at patron na may edad na 12 taon pataas na magpakita ng katibayan, bago sila pumasok sa pasilidad, na sila ay Kumpleto Na sa Bakuna o Nasuri Na. Ang nakasulat na pahayag ng indibidwal para sa pagbabakuna na nilagdaan (puwede ang isang electronic na lagda) sa ilalim ng parusang perjury at nagsasaad sa pangalan ng nabakunahan nang indibidwal, uri ng tinanggap na bakuna, at petsa ng pagbibigay sa huling dosis ay katanggap-tanggap lang na katibayan ng kumpletong bakuna kung magsusuot ang lahat ng Tauhan at patron na may edad na dalawang taon pataas ng Mask na Maayos ang Fit sa lahat ng pagkakataon, maliban kapag sila ay aktibong kumakain o umiinom.

KAUTUSAN NG OPISYAL SA KALUSUGAN Blg. C19-07y

Dapat magsumite ang host o organizer ng isang indoor o outdoor na Mega-Event o serye ng mga Mega-Event sa Opisyal sa Kalusugan ng iminumungkahing plano na nagdedetalye sa mga pamamaraang ipapatupad para mapaliit ang posibilidad ng hawahan sa mga patron at Tauhan. Sa partikular, kasama dapat sa iminumungkahing plano ang mga sumusunod:

- Paglalarawan ng mga detalye ng event (petsa/oras, inaasahang kapasidad, lokasyon, at uri ng event).
- Pangalan ng contact para sa event *(ibig sabihin,* taong makakaugnayan sa event sakaling magkaroon ng outbreak, at/o makakaugnayan para talakayin ang iminumungkahing plano).
- Paliwanag ng kung paano iaatas ng host o organizer sa mga attendee na tumugon sa mga kinakailangan para sa pagbibigay ng kanilang status sa pagbabakuna at/o pagsusuri (kung naaangkop).
- Paliwanag ng kung paano maipaparating/maipapabatid ng host o organizer ang sumusunod:
    - Impormasyon para matiyak na alam ng mga bisita ang tungkol sa mga kinakailangan (indoors)/rekomendasyon (outdoors) sa pagsusuri at pagbabakuna;
    - Panghihikayat sa mga attendee na kumpletuhin na ang kanilang bakuna hindi bababa sa 2 linggo bago ang event; at
    - Mga isinasagawang pag-iingat para sa kaligtasan.
- Kung indoors gagawin ang Mega-Event, paliwanag ng magiging pagtugon ng host o organizer sa mga pantakip sa mukha.
- Paglalarawan sa mga estratehiyang ipapatupad para maiwasan ang pagsisiksikan ng mga tao (kasama ang daloy ng trapiko, advanced na ticketing, touchless na pagbabayad, atbp.).

Dapat isumite ang mga plano sa HealthPlan@sfcityatty.org hindi bababa sa sampung araw bago ang pinaplanong event o, kung mas maaga, sampung araw ng negosyo bago ang petsa kung kailan sisimulang magbenta o mag-alok ng mga ticket sa publiko. Kung nagbebenta na ng mga ticket sa petsa ng Kautusang ito, dapat isumite ng host o organizer ang plano sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng Kautusang ito. Hindi kailangan ng host o organizer ng paunang nakasulat na pag-apruba ng Opisyal sa Kalusugan o ng itinalaga ng Opisyal sa Kalusugan para magpatuloy sa Mega-Event nang naaayon sa plano. Pero sakaling makakita ang Opisyal sa Kalusugan ng mga kakulangan sa plano, makikipag-ugnayan ang DPH sa host o organizer, at kailangan ng host o organizer na makipagtulungan sa DPH para matugunan ang anuman o lahat ng kakulangan.

8. Mga Indicator ng Kalusugan Kaugnay ng COVID-19. Patuloy na magsasapubliko ang Lungsod sa website nito ng updated na data tungkol sa mga rate ng kaso ng COVID-19, pagpapaospital, at rate ng pagbabakuna. Makikita ang impormasyong iyon online sa

KAUTUSAN NG OPISYAL SA KALUSUGAN Blg. C19-07y

data.sfgov.org/stories/s/San-Francisco-COVID- 19-Data-and-Reports/fjki-2fab/. Susubaybayan ng Opisyal sa Kalusugan ang data na ito, pati ang iba pang data at siyentipikong ebidensya para matukoy kung dapat bang baguhin o ipawalang-bisa ang Kautusang ito, gaya ng idinedetalye sa Seksyon 2.a sa itaas.

9. Pagsasama-sama ng Mga Emergency na Proklamasyon ng Estado at Lokal, at Kautusan sa Kalusugan ng Pederal at Estado. Inilabas ng Opisyal sa Kalusugan ang Kautusang ito alinsunod sa, at isinasama niya sa pamamagitan ng pagbanggit ang, mga emergency na proklamasyon at iba pang kautusan ng pederal, estado, at lokal, at iba pang kautusang nauugnay sa pandemya na inilalarawan sa ibaba ng Seksyong ito. Pero umiiral din ang Kautusang ito nang hiwalay sa mga nasabing emergency na proklamasyon at iba pang pagkilos, at kung ipapawalang-bisa ang anumang emergency na deklarasyon ng Estado, pederal, o lokal, o ang anumang kautusan ng Estado o pederal o iba pang gabay, patuloy na ipapatupad nang buong bisa ang Kautusang ito alinsunod sa mga tuntunin nito (na napapailalim sa Seksyon 13 sa ibaba).

   a. Mga Emergency na Proklamasyon ng Estado at Lokal. Inilabas ang Kautusang ito alinsunod sa, at isinasama nito sa pamamagitan ng pagbanggit ang, Proklamasyon ng State of Emergency ng Gobernador noong Marso 4, 2020, Proklamasyon ng Mayor na Nagdedeklara sa Pagkakaroon ng Lokal na Emergency noong Pebrero 25, 2020, at Deklarasyon ng Lokal na Emergency sa Kalusugan Kaugnay ng Novel Coronavirus 2019 (COVID-19) noong Marso 6, 2020 na inilabas ng Opisyal sa Kalusugan, kasama ang mga idinagdag o posibleng idinagdag sa mga ito.

   b. Mga Kautusan sa Kalusugan ng Estado. Inilabas din ang Kautusang ito dahil sa iba't ibang Kautusan ng Estado, na kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa, inilabas ng Opisyal sa Pampublikong Kalusugan ng Estado at ng Cal/OSHA. Hayagang kinilala ng Estado na may awtoridad ang mga lokal na opisyal sa kalusugan na magtakda at magpatupad ng mga pag-iingat sa pampublikong kalusugan sa kani-kanilang hurisdiksyon, na mas mahigpit kaysa sa mga ipinapatupad ng Opisyal sa Pampublikong Kalusugan ng Estado.

   c. Mga Kautusan ng Pederal. Ang Kautusang ito ay inilabas din kasunod ng mga emergency na deklarasyon at kautusan ng pederal, na kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa, Pang-ehekutibong Kautusan noong Enero 20, 2021 para sa Pagprotekta sa Mga Manggagawa ng Pederal at Nag-aatas na Magsuot ng mask, na nag-aatas sa lahat ng indibidwal na nasa mga gusali ng Pederal at lupain ng Pederal na magsuot ng mask, dumistansya sa isa't isa, at sumunod sa iba pang pag-iingat sa pampublikong kalusugan, at Kautusan ng CDC noong Pebrero 2, 2021, na nag-aatas na magsuot ng mask sa pampublikong transportasyon, kasama ang mga susog, pagpapalawig, o idinagdag sa mga nasabing kautusan.

10. Obligasyong Sundin ang Mas Mahihigpit na Kinakailangan ng Mga Kautusan.

    Batay sa mga lokal na kundisyon ng kalusugan, ang Kautusang ito ay may limitadong bilang ng mga paghihigpit sa kalusugan at kaligtasan na mas mahigpit kaysa sa mga nakapaloob sa mga kautusan ng Estado. Kapag may salungatan sa pagitan ng Kautusang ito

KAUTUSAN NG OPISYAL SA KALUSUGAN Blg. C19-07y

at ng anumang kautusan sa pampublikong kalusugan ng estado o pederal na nauugnay sa pandemya ng COVID-19, ang mas mahigpit na probisyon *(ibig sabihin*, ang mas nakakaprotekta sa pampublikong kalusugan) ang mangingibabaw. Alinsunod sa seksyon 131080 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California at Gabay sa Pagsasanay ng Opisyal sa Kalusugan para sa Pagkontrol ng Mga Nakakahawang Sakit sa California, maliban kung posibleng maglabas ang Opisyal sa Kalusugan ng Estado ng kautusang hayagang nakadirekta sa Kautusang ito at batay sa impormasyong banta sa pampublikong kalusugan ang isang probisyon ng Kautusang ito, patuloy na mailalapat at kokontrol sa County na ito ang anumang naglilimitang pag-iingat sa Kautusang ito.

11. Obligasyong Sundin ang Mga Kautusan at Direktiba ng Opisyal sa Kalusugan at Mandatoryong Gabay ng Estado.

Bukod sa pagsunod sa lahat ng probisyon ng Kautusang ito, ang lahat ng indibidwal at entity, kasama ang lahat ng Negosyo at entity ng pamahalaan, ay dapat sumunod sa anumang naaangkop na kautusan at direktibang inilabas ng Opisyal sa Kalusugan (na available online sa www.sfdph.org/healthorders at www.sfdph.org/directives) at anumang naaangkop na mandatoryong gabay na inilabas ng Opisyal sa Kalusugan ng Estado o ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng California. Hanggang sa sukdulan ng salungatan ng mga probisyon sa mga kautusan o direktiba ng Opisyal sa Kalusugan at mandatoryong gabay ng Estado, ang mas mahihigpit na probisyon *(ibig sabihin,* ang mas nakakaprotekta sa pampublikong kalusugan) ang mailalapat. Kung sakaling may salungatan sa pagitan ng mga probisyon ng isang nakaraang kautusan o direktiba ng Opisyal sa Kalusugan at Kautusang ito, ang Kautusang ito ang kokontrol sa mga salungat na probisyon ng ibang kautusan o direktiba ng Opisyal sa Kalusugan. At hangga't nakatali ang katuloy na termino ng isang kautusan ng Opisyal sa Kalusugan sa tagal ng Kautusang Manatiling Mas Ligtas sa Bahay, ituturing ang Kautusang ito na katuloy ng Kautusang Manatiling Mas Ligtas sa bahay para sa mga layuning iyon lang.

12. Pagpapatupad.

Sa ilalim ng seksyon 26602 at 41601 ng Kodigo ng Pamahalaan at seksyon 101029 ng Kodigo ng Kaligtasan, hinihiling ng Opisyal sa Kalusugan na tiyakin ng Sheriff at Hepe ng Pulisya sa County na nasusunod at naipapatupad ang Kautusang ito. Ang paglabag sa anumang probisyon ng Kautusang ito (pati sa, nang walang limitasyon, anumang direktiba sa kalusugan) ay isang banta at panganib sa pampublikong kalusugan, abala sa publiko, at napaparusahan sa pamamagitan ng multa, pagkakakulong, o pareho. Awtorisado ang DPH na tumugon sa mga nasabing abala sa publiko sa pamamagitan ng paglalabas ng (Mga) Abiso sa Paglabag at pag-aatas na bakantehin at isara ang mga lugar hangga't hindi nagsusumite ang may-ari, tenant, o manager ng nakasulat na plano para mawala ang lahat ng paglabag, at hangga't hindi nasisiyahan ang DPH sa plano. Ang nasabing (Mga) Abiso sa Paglabag na umalis at magsara ay posibleng ilabas batay sa nakasulat na ulat na ginawa ng sinumang empleyado ng Lungsod sa nagsulat sa ulat sa ilalim ng saklaw ng kanilang tungkulin. Dapat ibigay ng DPH ang mga nasabing kautusan na umalis at magsara sa Hepe ng Pulisya o itinalaga ng Pulisya na papairalin at ipapatupad ng mga opisyal sa paraang pareho sa nakasaad sa seksyon 597 ng Kodigo ng Kalusugan ng San Francisco. Bilang

KAUTUSAN NG OPISYAL SA KALUSUGAN Blg. C19-07y

kundisyon ng pagpapahintulot sa isang Negosyo na muling magbukas, posibleng magpataw ang DPH ng mga karagdagang paghihigpit at kinakailangan sa Negosyo kung sa palagay ng DPH ay naaangkop ito para mapaliit ang posibilidad ng hawahan, na iba pa sa iniaatas ng Kautusang ito at iba pang naaangkop na kautusan at direktiba sa kalusugan.

13. Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa.

    Magkakaroon ng bisa ang Kautusang ito sa Hunyo 15, 2021 nang 12:01 am at patuloy itong iiral, pati ang mga update dito, hanggang sa bawiin, pangibabawan, o susugan ito ng Opisyal sa Kalusugan sa pamamagitan ng pagsulat.

14. Kaugnayan sa Iba Pang Kautusan ng Opisyal sa Kalusugan ng San Francisco.

    Sa petsa at oras ng pagkakaroon ng bisa na nakasaad sa Seksyon 13 sa itaas, babaguhin at ganap na papalitan ng Kautusang ito ang Kautusan ng Opisyal sa Kalusugan Blg. C19-07y (ang "Kautusang Manatiling Mas Ligtas sa Bahay") na inilabas noong Mayo 20, 2021. Hanggang sa at kaugnay ng Kautusang ito, may ipinawalang-bisa o ipinapawalang-bisa nang ilang iba pang kautusan at direktiba ang Opisyal sa Kalusugan, na nauugnay sa COVID-19, pati sa mga nakalista sa Pagpapawalang-bisa ng Omnibus sa Mga Kautusan at Direktiba ng Opisyal sa Kalusugan ng Opisyal sa Kalusugan, na may petsang Hunyo 11, 2021. Sa at pagkalipas ng petsa ng pagkakaroon ng bisa ng Kautusang ito, patuloy na ipapatupad nang buong puwersa at bisa ang mga sumusunod na kautusan at direktiba ng Opisyal sa Kalusugan: Kautusan Blg. C19-11 (pamproteksyong pag-quarantine ng Laguna Honda Hospital), C19-16 (pagbabahagi sa data ng pasyente ng ospital), C19-18 (pag-uulat ng data ng bakuna), at C19-19 (pagpapahintulot ng menor de edad sa pagbabakuna); at mga direktibang binabanggit ng Kautusang ito sa Seksyon 3.e at 5, dahil posibleng susugan o wakasan ng Opisyal sa Kalusugan ang alinman sa mga ito kalaunan. Bukod pa rito, hindi rin binabago ng Kautusang ito ang petsa ng pagtatapos ng anumang kautusan o direktiba ng Opisyal sa Kalusugan na may sariling petsa ng pagtatapos o walang takdang petsa ng pagtatapos.

15. Mga Kopya.

    Dapat magbigay kaagad ang County ng mga kopya ng Kautusang ito sa pamamagitan ng: (1) pag-post sa website ng DPH (www.sfdph.org/healthorders); (2) pagpapaskil sa City Hall sa 1 Dr. Carlton B. Goodlett Pl., San Francisco, CA 94102; at (3) pagbibigay nito sa sinumang miyembro ng publiko na humihingi ng kopya.

16. Pagiging Naihihiwalay.

    Kung mapagpapasyahan ng isang hukuman na walang bisa ang anumang probisyon ng Kautusang ito o ang paglalapat nito sa sinumang indibidwal o sitwasyon, hindi maaapektuhan at patuloy na ipapatupad nang buong puwersa at bisa ang iba pang bahagi ng Kautusan, pati ang paglalapat sa iba pang bahagi o probisyon sa iba pang tao o sitwasyon. Sa ganitong sitwasyon, naihihiwalay ang mga probisyon ng Kautusang ito.

IYAN ANG KAUTUSAN:

KAUTUSAN NG OPISYAL SA KALUSUGAN Blg. C19-07y

Susan Philip, MD, MPH,
Opisyal sa Kalusugan ng
Lungsod at County ng San Francisco

Petsa: Hunyo 11, 2021